

ANG PANGINGISDA SA PANAHON NG KOMONWELT: ISANG PAGTATANGKA TUNGO SA INDUSTRIYALISASYON, 1935-1941

Bernadette B. DELA ROSA¹

Pamantasang Lungsod ng Maynila
Manila, Philippines

ABSTRAK

Ang Pilipinas bilang isang arkipelago ay likas na pinagpala sa yamang-dagat. Mula sa biyayang ito nakukuha ng mga Pilipino ang kanilang kabuhayan na pangangisda. Ang katotohanang ito ay hindi naging lingid sa kaalaman ng mga Amerikano sa simula ng kanilang pananakop. Sa katunayan, taong 1898 pa lamang ay naglunsad na sila ng panimulang pagsisiyasat sa yamang-dagat ng Pilipinas. Gamit ang kaalaman mula sa mga pagsisiyasat na ito ay nailatag ng Philippine Commission ang kanilang mga mungkahi kung paano pangasiwaan at pamahalaan ang pangangisda sa Pilipinas. Ang kalihim ng Department of Interior na si Dean Worcester ay naging masigasig sa pagbibigay ng rekomendasyon sa pangangasiwa sa pangangisda sa kanyang mga taunang ulat. Hindi kalaunan ay naitatag din ang sangay na mangangasiwa sa pangangisda na Fish and Fisheries Section ng Biological Laboratory sa ilalim ng Bureau of Science noong 1907. Sa kabuuan ng pamamahala ng mga Amerikano, pamamaraang siyentipiko ang kanilang naging hakbang sa pangangasiwa ng pangangisda ngunit hindi nabigyang pansin ang industriyalisasyon nito sa kabila ng paulit-ulit na panawagan. Ang pangunahing hakbang tungo sa industriyalisasyon ng pangangisda sa Pilipinas ay maisasakatuparan lamang sa panahon ng Pamahalaang Komonwelt. Tatalakayin ng papel na ito ang pagsisikhay ng Pamahalaang Komonwelt na pasimulan ang industriyalisasyon ng pangangisda bilang bahagi ng layunin na masiguro ang *self-sufficiency* ng ekonomiya ng bansa. Ilalahad ang mga tagumpay na hakbang ng pamahalaan kaalinsabay ng mga problemang kinaharap nito at magtatapos sa naudlot na industriyalisasyon dahil sa pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

Mga Susing Salita: *Pangangisda, Pagsasalata, Industriya ng pangangisda, National Food Products Corporation, Pamahalaang Komonwelt, self-sufficiency*

¹ Si Bernadette B. dela Rosa ay nagtapos ng BA History, *cum laude* noong 2005 sa University of the Philippines Diliman at MA History noong 2017 sa parehong unibersidad. Nakapagturo siya ng Philippine History, Rizal at iba pang mga agham panlipunan na asignatura sa mga pampubliko at pribadong kolehiyo at unibersidad tulad ng AMA, UP Diliman, Sta. Isabel College Manila, Technological University of the Philippines Manila at WCC-ATC North Manila. Sa kasalukuyan, siya ay Assistant Professor I sa Pamantasan ng Lungsod ng Maynila.

PANIMULA

Ika-15 ng Nobyembre 1935 pinasinayaan ang Pamahalaang Komonwelt. Naihalal si Manuel L. Quezon bilang Pangulo at si Sergio Osmeña bilang Pangalawang Pangulo. Sa kanyang talumpati, ipinangako ni Quezon na makakamit ng Pilipinas ang matatag at malayang ekonomiya matapos ang isang dekada.

Isang malaking hamon para kay Pangulong Quezon sa ilalim ng kanyang pamahalaan ang pagtataguyod ng ekonomiya ng bansa para sa napipintong kasarinlan nito. Bilang paghahanda, binalangkas ni Quezon ang kanyang tatlong hakbang. Una ay himukin ang pagbibigay ng amyenda sa ilang probisyon ng patakarang pang-taripa ng Amerika sa Pilipinas. Pangalawa ay palakasin ang agrikultura, industriya at mga imprastraktura. Ikatlo, bumuo ng mga hakbang sa pagsiguro sa *self-sufficiency* ng ekonomiya ng bansa.²

Kaugnay nito, isa sa mga unang hakbang ni Quezon ay himukin ang Pambansang Asembliya na itatag ang National Economic Council noong 1936 bilang sangay ng pamahalaang ang mandato ay magsulong ng mga patakarang pang-ekonomiya. Naniniwala si Quezon na ang pamahalaan ang mas higit na may kapasidad na pangunahan ang pagsulong ng ekonomiya ng bansa.³ Sa pamamagitan ng mga nasabing hakbang, ang industriya ng pangangisda ay nakatanggap ng kinakailangang *impetus* mula sa pamahalaan.

A. PAGSASALATA NG ISDA: PAGTATANGKA TUNGO SA INDUSTRIYALISASYON NG PANGINGISDA SA PANAHOON NG KOMONWELT

Sa ilalim ng Pamahalaang Komonwelt ay nagpatuloy pa rin ang mga siyentipikong pag-aaral ng Division of Fisheries sa pangangalaga ng yamang-dagat ng Pilipinas. Nagsagawa ng mga pag-aaral at eksperimento sa pagtukoy kung alin sa mga isda sa pamilyan ang maaaring paramihin sa mga palaisdaan.⁴ Bilang bahagi ng layunin ng pagpapakalat ng impormasyon ukol sa pangangisda ay nagdagdag ng mga *demonstration farm* tulad ng sa Dagat-dagatan sa Malabon

²Aruna Gopinath, "President Manuel Quezon and Economic Protectionism, 1935-1941" sa *Philippine Studies* 34(1986): 129.

³Aruna Gopinath, "The Philippines 1935-1941: A Historical Study in Quezonian Leadership" (Disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1984), mph. 320-322.

⁴ 5th *Annual Report of the President of the Philippines to the President and the Congress of the United States* July 1, 1939-June 30, 1940 (Washington: US Government Printing Office, 1941), 11.

at Navotas; at sa Tanay, Rizal noong 1938.⁵ Bukod sa pagpapatuloy ng mga siyentipikong gawain sa pangangasiwa ng pangangisda, sinimulan din sa puntong ito ang pagtatangka ng industriyalisasyon nito.

Bahagi ng programa ni Pangulong Manuel L. Quezon ang pagpapalakas ng pambansang ekonomiya. Kaugnay dito, inilunsad ang National Development Company (NDC) noong 1936 upang maging kasangkapan ng pamahalaan tungo sa industriyalisasyon. Itinatag sa ilalim ng pangangasiwa ng NDC ang National Food Products Corporation (NFPC) noong 1937. Partikular na nakatuon ang mandato ng NFPC sa tunguhing makapagtayo ng mga planta para sa pagsasalata ng mga isda, karne, gulay, prutas at iba pa.⁶ Itinalaga si Gregorio Anonas ang bilang Acting General Manager nito noong 1937.⁷

Taong 1937 sinimulang buuin ang pabrika ng pagsasalata ng isda sa may Guagua, Pampanga at pagawaan ng lata naman sa may Pureza.⁸ Gamit ang kapital na ₱ 1, 000, 000 ay nagsimula ang operasyon ng pabrika noong Enero 1939. Ang planta sa Pureza sa may Sta. Mesa ay nagsilbing tanggapan para sa eksperimento at demonstrasyon sa pagsasalata ng isda, samantalang ang planta naman sa Guagua ay nagsilbing sentral na pagawaan. Pumasok sa kontrata ang mga may-ari ng palaisdaan sa Pampanga upang mag-suplay ng bangus sa korporasyon sa napagkasunduang halaga. Ang mga may-aring ito ay binigyan ng pagkakataon ng korporasyon na mangutang ng pondo gamit ang kanilang palaisdaan at ani bilang seguro.⁹ Mula sa mga palaisdaan sa munisipalidad ng Lubao, Guagua, Sto. Tomas, Minalin, Masantol at Macabebe nanggagaling ang suplay na bangus ng korporasyon sa pagsapit ng taong 1941.¹⁰

⁵ Herminio Rabanal, "Aquaculture in the Philippines 1898-1998" sa *100 Years of Philippine Fisheries and Marine Science* (Los Baños, Laguna: Philippine Council for Aquatic and Marine Research and Development, 1998), 75-76.

⁶ Onofre D. Corpuz, *Economic History of the Philippines* (Quezon City: UP Press, 1997), 257.

⁷ *Philippine Magazine* Tomo 34 Blg. 1, 527.

⁸ *2nd Annual Report of the President of the Philippines to the President and the Congress of the United States* Jan. 1-Dec. 1 1937 (Washington: US Government Printing Office, 1939), 2.

⁹ *3rd Annual Report of the President of the Philippines to the President and the Congress of the United States* Jan. 1-Dec. 1 1938 (Washington: US Government Printing Office, 1940), 7.

¹⁰ *Philippine Magazine* Tomo 38 Blg. 1, 31.



Larawan 1. Mga naka-latang produkto ng NFPC. Mula sa
Commerce Nov. 1940, 16.

Sa simula ng operasyon noong 1939 ay humarap kaagad ang korporasyon sa pangunahing suliranin na kakulangan sa suplay ng bangus. Bunga nito, umabot ang halaga ng lugi nito sa ₱ 59, 832.23. Samantala, umabot naman ang pautang ng korporasyon sa mga may-ari ng palaisdaan sa ₱ 141, 700. Bilang remedyo sa suliranin, umupa ang korporasyon ng 3,800 ektarya ng palaisdaan upang mapasailalim sa pangangasiwa nito at makatugon sa kakulangan sa suplay ng isda. Sa taon ding ito naisaayos sa planta sa Pureza ang makinarya na gagamitin sa pagbuo ng parisukat na lata para sa sardinas.¹¹

¹¹ 4th Annual Report of the President of the Philippines to the President and the Congress of the United States Jan. 1-June. 30, 1939 (Washington: US Government Printing Office, 1940), 23.



Larawan 2. Mga produkto ng NFPC at iba pang de lata. Mula sa *Philippine Journal of Commerce* April 1941.

Sa kagastuhang matugunan ang natukoy na suliranin, iminungkahi ang pagpapatayo ng 5,000 ektarya ng palaisdaan at pagdaka'y pati na planta ng pagsasalata sa Capiz.¹² Naisakatuparan ang planong ito sa pagsisimula ng konstruksyon ng palaisdaan at planta ng pagsasalata sa Capiz noong 1940. Minabuti ng pamahalaan na magpatayo ng bagong planta at 5,000 ektarya ng palaisdaan sa Capiz sapagkat mas mura ang bentahan ng bangus doon kaysa sa Gitnang Luzon.¹³ Sa taon ding ito ay binili ng NFPC ang planta ng pagsasalata ng pamilya Aboitiz sa Madrideojos sa isla ng Bantayan.¹⁴ Kasama rin sa plano ng NFPC ang pagtatayo ng mga maliliit na yunit ng pagsasalata sa mga piling lugar sa Pilipinas na ang layunin ay mai-preserba pansamantala ang mga


¹² *Annual Report of the US High Commissioner to the Philippine Islands 1939-1940* (Washington: US Bureau of Printing, 1943), 158.

¹³ Vicente Sabalvoro, "Developing and Preserving our Products" sa *Philippine Journal of Commerce* (Nobyembre 1940): 16-18.

¹⁴ Claro Martin at Agustin D. Manalo, "Methods of Preservation and Processing of Fish" *Philippine Fisheries Handbook* 1952, 134-135.

nahuling isda bago ilipat sa mga planta ng pagsasalata ng pamahalaan o pribadong kompanya.¹⁵

Matingkad ang pagsisikhay ng Pamahalaang Komonwelt na maitaguyod ang industriya ng pagsasalata ng isda ng bansa. Malinaw ang pagkilala ng pamahalaan sa kahalagahan ng isda at ng iba pang industriyang kaugnay nito sa tunguhin na maging handa ang Pilipinas na matugunan ang mga pangangailangan nito lalo na sa pagkain sa pagsapit ng pagsasarili nito. Sa loob lamang ng ilang taon ay napatunayan na kayang itaguyod ng pamahalaan ang industriya.



Larawan 3. Layout ng planong palaisdaan at pagsasalata ng Pamahalaang Komonwelt sa Capiz. Mula sa *Commerce* Aug. 1940, ph. 25.

Kaalinsabay ng pamahalaan, sinimulan din ng pribadong sektor ang pagsasalata ng isda. Sa pagitan ng mga taong 1937 hanggang 1941, napasimulan na ang pagsasalata ng tuna sa Zamboanga. Nanguna naman ang Sea Foods Corporation¹⁶ sa produksyon nitong umabot pa nga sa 200 hanggang 300 kahon ng de latang tuna sa bawat araw ng operasyon nito.¹⁷ Ang pamilya naman ng Aboitiz sa Cebu ay nagsimula rin ng produksyon ng isdang nakalata na umabot ng 30, 000 kada araw noong 1937.¹⁸

¹⁵ Vicente Barranco, "Philippine Canning Industry" sa *Commerce* (Agosto 1940): 25.

¹⁶ *Annual Report of the US High Commissioner to the Philippine Islands* 1941 (Washington: US Bureau of Printing, 1943), 51.

¹⁷ Ole J. Heggem, *Observations Regarding Fisheries* (s.n.: United States of American Operations Mission to the Philippines, 1959), 4.

¹⁸ Barranco, "Philippine Canning Industry," 24.



Larawan 4. Patalastas ng National Food Products Corporation.
Mula sa *Commerce* July 1940, 37.

May iba pang mga korporasyong nangingisda sa Maynila tulad ng Eastern Deep-Sea Corporation. Nakatuon ang kompanyang ito sa paggamit ng *utase* at *muro-ami*. Katulad ng Sea Foods Corporation, ito ay maaring isa ring *dummy* na korporasyon. Samantala nakapagdagdag naman ng *subsidiary* ang Del Monte sa Bago, Misamis Oriental. Ito ay ang Philippine Packing Corporation na nagsimulang manghuli ng tuna noong 1930. Lamang, huminto na ang operasyon nito noong 1935.¹⁹

¹⁹ Hilario Roxas, "Status of Commercial Fishing in the Philippines" sa *American Chamber of Commerce Journal in the Philippines* (Agosto 1937): 35.



Larawan 5. Patalastas ng Eastern Deep-Sea Fishing Corporation.
Mula sa *Philippines Free Press* December 11, 1937, 24.

Sa kamay man ng pribadong kompanya o ng pamahalaan, malinaw ang pagkilala sa kahalagahan ng pangangisda, lalo pa sa pagnanais na makamit ang industriyalisasyon ng pangangisda sa Pilipinas.

Talahanayan 1. Mga Planta ng Pagsasalata ng Isda

Pamahalaang Komonwelt	Pribadong Pagmamay-ari
Pureza (1939-1941)	Philippine Packing Corporation sa Bago, Misamis Oriental (1930-1935)
Guagua (1939-1941)	Aboitiz sa Cebu (1937-1940)
Madridejos, Isla ng Bantayan (1940-1941)	Sea Foods Corporation sa Zamboanga (1937)
Capiz (1940-1941)	

Mapapansin sa mga naunang talakayan ang kawalan ng datos sa mga naging hakbangin ng Pamahalaang Komonwelt upang makamit ang self-sufficiency sa Mindanao sa larangan ng pangangisda. Ito ay dahil sa kadahilanang ang mga taunang ulat sa pagitan ng taong 1935-1941 ay walang pagbanggit sa mga

ispesipikong plano para sa Mindanao. Sa kabilang banda, nabanggit din naman ang layunin na makapagtayo ng maliliit na planta ng pagsasalata ng isda sa mga lalawigan upang mapabilis ang preserbasyon ng mga nahuling isda. Nagsimula ang mga unang hakbangin sa Luzon sa may Pureza at Guagua sa Pampanga. Hindi kalaunan ay sa Capiz at sa Cebu naman. Naudlot ang mga nasimulan at ang maaaring hakbangin para sa Mindanao dahil sa pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

B. PANGINGISDA NG TUNA SA MINDANAO

Hindi man naisaktuparan ng Pamahalaang Komonwelt ang mga plano sa Mindanao, natugunan naman ito ng pribadong sektor. Pinangunahan ng korporasyon at mangingisdang Hapon ang pangngisda sa gawi ng timog Mindanao. Ang pamamayagpag na ito ng mga mangingisdang Hapon sa Mindanao ay naitala sa pag-aaral ni Jose Domantay.

Sa walong uri ng tuna na matatagpuan sa Mindanao, ang *striped tuna* o *skipkack* ang pangunahin sa nahuhuli ng mga mangingisda, pangalawa naman ang *yellow fin tuna*. Sa ilalim ng pamamahala ng Sea Foods Corporation, apat na barkong pangisda ang nanguna sa operasyon ng pangngisda ng tuna gamit ang *pole at line* na pamamaraan. Matapos makahuli ay ililipat sa isa pang barko na puno ng yelo at madaliang dadalhin sa planta ng pagsasalata ng nasabing kompanya.²⁰ Ang mga Hapon ay bihasa sa pangngisda at kadalasan ay nakapag-aral ng pangngisda sa kanilang bansa. Ang kapitan ay kadalasan na pinakamagaling sa mga mangingisdang Hapon. Sa kabilang banda, ang mga Pilipinong manggagawa ng nasabing korporasyon ay naglilingkod lamang bilang mga tauhan, bagaman sila ay mga mangingisda rin ngunit walang pormal na edukasyon.²¹

Ang operasyon ng Sea Foods Corporation ay nakasentro sa Zamboanga, mula sa gawi ng Sibugay Bay, Moro Gulf hanggang sa isla ng Basilan sa may Dagat ng Sulu. Ang operasyon ng mga mangingisdang Pilipino ay sa gawi naman ng Davao Gulf. Pinakamainam na panahon para sa pangngisda ng tuna ay sa pagitan ng Abril hanggang Hunyo. Sa buwan ng Mayo naman ang pinakamaraming huli at sa buwan ng Hulyo at Nobyembre naman ang pinakamatumal.²²

²⁰ Jose Domantay, "Tuna Fishing in Southern Mindanao" sa *Philippine Journal of Science* 73(1940): 423-432.

²¹ Domantay, "Tuna Fishing in Southern Mindanao," 425.

²² Domantay, "Tuna Fishing in Southern Mindanao," 429.

Ayon sa isinagawang pag-aaral ni Domantay, hindi mapaminsala ang pamamaraan ng pangingsda ng mga Hapon ng tuna sa Mindanao. Hindi rin sapat ang kanilang operasyon gamit ang apat na barko upang maubos ang isdang tuna. Sa kabila nito, iminungkahi niya na magkaroon ng *closed season* matapos matukoy ang panahon ng pangitngitlog ng mga tuna upang masiguro ang pagpapatuloy ng suplay ng nasabing isda.²³ Mahihinuha sa nasabing pag-aaral ang malaon nang pamamayagpag ng mga mangingisdang Hapon sa Mindanao bago pa man magsagawa ng anumang plano ang Pamahalaang Komonwelt para pangingsda sa Mindanao.

C. CENSUS OF FISHERIES 1939

Bukod sa pagsasalata, isa pa sa maituturing na magandang ambag ng Pamahalaang Komonwelt sa pagpapaunlad ng industriya ng pangingsda ay pagsagawa ng komprehensibong senso para sa pangingsda nong 1938. Bagamat sa mga naunang senso tulad ng 1904 at 1918 ay may pagtalakay na rin sa industriya ng pangingsda, natatangi ang sa 1939 dahil sa isang buong kabanata ang inilaan para sa mga datos nakalap para sa pangingsda. Tinalakay sa ikatlong kabanata ng ikaapat ng tomo ng 1939 *Census Reports for Economic Census* ang mga estadistiko na nakalap para sa taong 1938. Bukod pa rito, may hiwalay na pagsusuri sa mga datos ukol sa pagsasalata na matatagpuan sa ikaanim na kabanata na *Census Reports for Manufactures* ng nasabing tomo. Sinimulan ang nasabing senso noong ika-1 ng Enero 1939 sa pangangasiwa ng eksperto sa senso na si Ray Hurley. Katuwang niya ang mga Pilipinong sina Pedro de Mesa, Juan S. Agcaoili, Jose N. Umali, Honorio Sotto, Leon Recio, Alfredo Merchadesch at Perfecto Franche.²⁴ Sa kasamaang palad, ang huling apat na kabanata sa kabuuan na siyam ng ikaapat na tomo ng senso ay hindi nailathala dahil naabutan na ng pagsisimula ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig at ipinadala na lamang sa Estados Unidos upang doon na lamang maipalimbag.²⁵

Sa mga nakalimbag na kopya na matatagpuan sa mga silid-aklatan ng Ateneo, ang unang limang kabanata lamang ang nailathala. Ito ay mga kabanata para sa pagkakahuyan, transportasyon, pangingsda, pagmimina at ilaw at kuryente. Ang kabanata na nakaukol sa *manufactures* na may pagtalakay sa pagsasalata ay

²³ Domantay, "Tuna Fishing in Southern Mindanao," 432.

²⁴ *Census of the Philippines 1939 Vol. 4 Reports for Economic Census* (Washington: Commission of the Census, Commonwealth of the Philippines, 1943), 345.

²⁵ Lloyd S. Millegan, "Census of the Philippines: 1939." *The Far Eastern Quarterly*, Tomo 2, Blg. 1, 1942, inakses noong ika-23 ng Nobyembre 2019, *JSTOR*, www.jstor.org/stable/2049281.

hindi naipalimbag. Isa itong malaking kakulangan sa pagbuo ng isang komprehensibong pagtalakay ng pagsasalata sa panahon ng Komonwelt. Sa pamamagitan sana nito, makikita ang mga tiyak na datos na magpapakita ng pag-unlad ng industriya ng pangingisda sa Pilipinas sa pamamahala ng pamahalaan at ng mga dayuhan. Gayundin, magagamit sana ang mga nilalaman nito sa pagbangong muli ng industriya ng pangingisda matapos ang digmaan. Sa kabila ng nasabing kakulangan, mahalaga pa rin ang nasabing senso sa pagsasalaysay ng pag-unlad ng industriya ng pangingisda sa panahon ng Komonwelt. Bagama't ang mga datos na nakalap ay para lamang sa piskal na taon 1938, mahalaga pa rin ang mga nasabing datos upang maipakita na nasimulan ng Pamahalaang Komonwelt ang nilalayon nitong pagsasaindustriya ng pangingisda.

Sa kabuuan ng kapital na ₱ 46, 106, 324 para sa pangingisda, pinakamalaking bahagdan nito ay mula sa mga palaisdaan dahil sa halaga ng lupa, pangalawa ay mula sa pangingisda sa mas malalim na bahagi ng dagat (*offshore fishing*) at pangatlo naman sa pangingisda sa mababaw na bahagi ng dagat (*inshore fishing*).

²⁶ Inilalarawan ito sa Talahanayan 2:

Talahanayan 2: Uri ng Pangingisda, Bilang ng Establisyemento, Kapital, Manggagawa at Halaga ng Nahuli, 1938

Uri ng Pangingisda	Bilang ng Establisyemento	Bilang ng Manggagawa	Kapital	Halaga ng Nahuli
<i>Offshore</i>	26, 213	75,867	4,026,699	5,938,128
<i>Inshore</i>	47, 974	135,393	3,289,819	5,423,241
<i>Offshore-inshore</i>	2, 207	8,348	334,847	341,964
<i>Inland</i> (tabang)	9,802	17,621	412,864	1,636,883
Palaisdaan	8,305	26,205	37,723,660	7,608,930
Palaisdaan at iba pang uri ng pangingisda	130	1,174	318,465	139,540
Kabuuan	94,631	264,608	₱ 46, 106, 324	₱ 21, 088, 686

Hango sa *Census of the Philippines: 1939* Tomo 4, 346.

²⁶ *Census of the Philippines: 1939* Tomo 4, ph. 346. Ang kabuuan ng talahanayan na ito at ng mga sumusunod pa ay matatagpuan sa 1939 Census. Pinili lamang ng may-akda ang mga datos na angkop sa paksa.

Karamihan sa mga mangingisda ng Pilipino ay nagtrabaho sa pangangisda kapag panahon lamang ng pangangisda at may iba pang trabaho. Ang naitalang sahod na natatanggap ng mga mangingisda at iba pang manggagawa sa pangangisda ay maliit na bahagi lamang ng kabuuan ng kanilang natatanggap sapagkat tradisyon na sa pangangisda ang pagbayad sa mga tao ng parte ng nahuling isda at iba pa. Karaniwang nakatanggap ng sahod ang mga mangingisda at iba pang manggagawa ng ₱ 24. Ito ay may kabataan ngunit hindi lang naman pangangisda ang kanilang pinagkakakitaan.²⁷ Inilalarawan ng talahanayan sa baba ang mga datos ukol sa sahod ng mga manggagawa.

Talahanayan 3. Manggagawa at Sahod sa Pangangisda, 1938

Uri ng Pangangisda	Bilang ng mga Mangingisda at iba pang Manggagawa	Kabuuan ng Sahod
<i>Offshore</i>	73,867	₱ 962,645
<i>Inshore</i>	135,393	₱ 363,520
<i>Offshore-inshore</i>	8,348	₱ 59,246
<i>Inland</i> (tabang)	17,621	₱ 24,878
Palaisdaan	26,205	₱ 464,067
Palaisdaan at iba pang uri ng pangangisda	1,104	₱ 9,087

Hango sa *Census of the Philippines: 1939* Tomo 4, 347-348.

Ang kabuuang dami ng mga nahuling isda at iba sa taong 1938 ay 80,693,528 kilo at nagkakahalaga ng ₱ 21,088,686. Nanguna ang bangos sa dami at halaga ng mga nahuling isda. Pumapangalawa ang hipon, dilis at sardinas naman ang pangatlo at pang-apat. May kahirapan ang pagtiyak ng dami ng mga nahuling yamang-dagat noon sapagkat walang tiyak na pamantayan sa pagtitimbang. Ilan sa mga ginamit na panukat ng timbang ay mga lalagyan ng gaas, batya, tiklis, bilao at iba pa. Kadalasan pa na iba-iba rin ang sukat kahit na parehas na uri ng sisidlan ang ginamit.²⁸

Sa kabuuang bilang ng establisyemento sa pangangisda, 91,277 o 96.5% ang pagmamay-ari at pinatatakbo ng mga Pilipino. Ang natirang porsyento ay pinaghatian ng iba't ibang nasyonalidad tulad ng Estados Unidos, Hapon, Tsina

²⁷ *Census of the Philippines: 1939* Tomo 4, 347-348.

²⁸ *Census of the Philippines: 1939* Tomo 4, 350.

at iba pa.²⁹ Ang distribusyon ng pagmamay-ari ng mga pangisdaan ayon sa nasyonalidad ay makikita sa Talahanayan 4.

Talahanayan 4. Distribusyon ng Pangisdaan ayon sa Nasyonalidad, 1938

Pilipinas	Estados Unidos	Tsina	Hapon	Iba pang nasyonalidad
91,277	8	57	54	4

Hango sa *Census of the Philippines: 1939* Tomo 4, ph. 350.

Nanguna ang lalawigan ng Bulacan sa dami at halaga ng isdang nahuli noong 1938. Umabot ng 11,789,492 kilo ng mga isda o ₱ 4,536,926 ang kabuuan ng huling isda sa nasabing lalawigan. Pumangalawa ang lalawigan ng Sulu na may kabuuang huli na 6,821,412 kilo ng mga isda o ₱ 1,113,009.³⁰ Ang limang pangunahing lalawigan sa dami ng mga nahuling isda ay naitala sa Talahanayan 5.

Talahanayan 5. Pangunahing Lalawigan sa Dami ng Nahuling Isda, 1938

Lalawigan	Kabuuang Dami (Kilo)	Halaga
Bulacan	11,789,492	₱ 4,536,926
Sulu	6,821,412	₱ 1,113,009
Rizal	5,804,881	₱ 1,497,260
Batangas	5,102,535	₱ 1,180,440
Cavite	4,299,578	₱ 610,811

Hango sa *Census of the Philippines: 1939* Tomo 4, ph. 361.

Ang malawak na operasyon ng mga palaisdaan ay konsentrado lamang sa lalawigan ng Bulacan at Pampanga. May kabuuan na 18,192.40 ektarya ng palaisdaan ang naitala na may operasyon sa Bulacan noong 1938. Sinundan naman ito ng lalawigan ng Pampanga na may kabuuang 11,637.25 na ektarya ng palaisdaan.³¹

Ang mga datos ukol sa mga palaisdaan mula sa 1939 Census ay nagpakita ng paglago nito ayon sa halaga at bilang ng nagpapatakbo bago ang simula ng Pamahalaang Komonwelt hanggang sa unang apat na taon nito. Dumoble ang bilang ng mga nagpapatakbo ng palaisdaan sa pagitan ng 1935-1938. Mula sa 24 lamang noong 1930-1934, umabot na ito sa 47 sa panahon ng Komonwelt. Ang kabuuang halaga ng mga nasabing palaisdaan ay tumaas rin sa panahon ng

²⁹ *Census of the Philippines: 1939* Tomo 4, ph. 359.

³⁰ *Census of the Philippines: 1939* Tomo 4, ph. 361.

³¹ *Census of the Philippines: 1939* Tomo 4, mph. 479-481.

Komonwelt. Mula sa ₱ 82,885 noong 1930-1934, umabot naman ito sa ₱ 88,757 noong 1935-1938.³²

Ang mga inilatag na datos mula sa isinagawang senso ng pangngisda noong 1939 ay nagpapatunay lamang ng maagang simula ng pag-unlad nito sa ilalim ng pangangasiwa ng Pamahalaang Komonwelt. Bagamat malaking kakulangan sa pagtalakay ang mga datos sana mula sa *Census of Manufactures* tungkol sa pagsasalata, nakabuo pa rin ng isang malinaw na paglalarawan sa kalagayan ng industriya ng pangngisda sa panahon ng Komonwelt.

D. MGA PAG-AARAL NA NAILATHALA SA *PHILIPPINE JOURNAL OF SCIENCE*

Nagpatuloy ang *Philippine Journal of Science* bilang daluyan ng mga pag-aaral ng mga kawani ng Division of Fisheries sa panahon ng Komonwelt. Sinuyod ng mga kawani ang mga pangisdaan sa bansa upang ipagpatuloy ang pagtatala sa yamang-dagat at pangisdaan ng Pilipinas ng mga Amerikanong kawani ng sangay sa pamamahala ng pangngisda.

Hindi na lamang mga isda ang pinagtuunan ng pansin ng pag-aaral kundi pati na rin ang iba pang mga yamang-dagat na may malaking potensyal na pang-komersyo. Halimbawa nito ang pag-aaral ni Guillermo Ablan sa mga diwal, isang uring *shell food* na kilala sa Negros Occidental.³³ Pinag-aralan naman ni Domiciano Villaluz ang mga talaba. Nakapaglathala siya ng ilang mga pag-aaral ukol dito, isa na rito ang *Viability of Commercial Oyster*.³⁴

Ipinagpatuloy ng mga kawani ang pagsusuri sa mga pangisdaan. Magkatuwang na pinag-aralan nina Hilario Roxas at Santos B. Rasalan ang pangngisda ng banak sa Naujan, Mindoro.³⁵ Sinuri naman nina Villadolid ang mga pangisdaan sa Lawa ng Taal sa Batangas;³⁶ ang pangisdaan sa Ragay Gulf

³² *Census of the Philippines:1939* Tomo 4, 506-512.

³³ Guillermo Ablan, "Diwal Fishery of Occidental Negros" *Philippine Journal of Science* 66(1938): 379-385.

³⁴ Domiciano Villaluz, "Viability of the Commercial Oyster" *Philippine Journal of Science* 70(1939): 375-385.

³⁵ Hilario Roxas at Santos B. Rasalan, "The Mullet Fishery of Naujan Mindoro" *Philippine Journal of Science* 59(1936): 259-274.

³⁶ Deogracias Villadolid, "The Fisheries of Lake Taal, Pansipit River and Balayan Bay, Batangas Province, Luzon" *Philippine Journal of Science* 63(1937): 191-226.

ni Umali;³⁷ at ang pangisdaan sa mga isla ng Babuyan at Batanes ni Blanco.³⁸ Samantala, inobserbahan naman ni Domantay ang pangangisda ng tuna ng Sea Foods Corporation na pagmamay-ari ng Hapon sa Mindanao.³⁹

Naging mayaman man ang naging pag-aaral ng mga Pilipinong kawani na nailathala sa *Philippine Journal of Science* ay bantad pa rin ang malaking kakulangan, ang pag-aaral sa *life history* ng mga isda na kinakailangan upang matiyak na patuloy ang suplay ng isda. Kulang ang badyet na inilaan para sa sangay upang makapagpatayo ng mga imprastraktura na kinakailangan sa pag-aaral ng *life history* ng mga isda.⁴⁰ Sa kabila ng nasabing kakulangan, ang mga pag-aaral ng mga Pilipinong kawani ng Division of Fisheries na nailathala sa *Philippine Journal of Science* ay nagpapatunay ng kanilang kakayahan na ipagpatuloy ang pangangasiwa sa pangangisda ng Pilipinas na pinasimulan na ng mga Amerikano.

E. PILIPINISASYON NG PANGANGASIWA SA PANGINGISDA: PAGTATAMPOK SA MGA PILIPINONG KAWANI NG DIVISION OF FISHERIES

Sa unang bahagi ng pananakop ng mga Amerikano, ang pangangasiwa sa pangangisda ay isang maliit na bahagi lamang ng Bureau of Science. Matapos ang ilang taong panawagan sa mga taunang ulat ay nabuo ang Division of Fisheries. Palipat-lipat ang pamamahala sa sangay na ito sa kabuuan ng pamamahala ng mga Amerikano. Sa pagpapatupad ng mga Pilipinisasyon, isa ang Division of Fisheries sa mga sangay ng pamahalaan na unti-unting pinamahalaan ng mga Pilipino. Sa bahaging ito, minarapat ng may-akda na itampok ang mga Pilipinong kawani ng sangay sa pangangasiwa ng pangangisda sa Pilipinas.

Si Guillermo J. Blanco ay ipinanganak sa Laoag City noong ika-8 ng Pebrero 1906. Nagtapos siya ng B.S. Zoology sa University of Washington noong 1932 at Masterado noong 1933. Taong 1933 nang maging Assistant Fishery

³⁷ Agustin F. Umali, "The Fisheries Industry of Ragay Gulf" *Philippine Journal of Science* 65(1938): 175-200.

³⁸ Guillermo Blanco, "Fisheries of Northern Luzon and Babuyan and Batanes Islands" *Philippine Journal of Science* 66(1938): 501-530.

³⁹ Jose Domantay, "Tuna Fishing in Southern Mindanao" *Philippine Journal of Science* 73(1940): 423-436.

⁴⁰ Rabanal, "Aquaculture in the Philippines, 1898-1998," 74.

Technologist si Blanco sa Fish and Game Administration ng Bureau of Science.⁴¹

Nakapagtapos si Jose S. Domantay ng BS Zoology sa UP noong 1925 at MS Zoology noong 1928. Nagtrabaho siya bilang guro ng *zoology* sa UP at Ateneo. Tinanggap niya ang position bilang Fisheries Technologists sa Bureau of Science noong 1937. Katulad ng iba pang kawani ng sangay, siya ay nagsanay sa ilalim ng pamamahala ni Dr. Albert Herre.⁴²

Si Andres M. Mane ay nakapagtapos ng BA Agriculture noong 1929 sa UP at BS Agriculture noong 1932. Matapos ang pag-aaral, naglingkod siya bilang Scientific Fishery Assistant at Deputy Warden ng Fish and Game Administration.⁴³

Isa si Claro T. Martin sa kilalang masipag na kawani ng sangay. Masasalamatin ito sa dami ng kanyang pag-aaral na nailathala sa *Philippine Journal of Science*. Si Martin ay nakapagtapos ng Bachelor of Science mula sa UP noong 1927. Matapos nito, agad siyang nagtrabaho sa Division of Fisheries at nahirang bilang Asst. Ichthyologist.⁴⁴

Si Santos B. Rasalan ay nakapagtapos ng BS Zoology mula sa UP. Una siyang nagtrabaho bilang *student assistant* sa Fish and Game Administration. Hindi nagtagal ay naging bahagi na rin siya ng sangay. Ilan sa mga posisyong hinawakan niya ay Ichthyologist, Assistant Fish Culturist, Fishing Gear Specialist at Fishery Technologist.⁴⁵

Madalas na naging katuwang ni Martin sa kanyang mga pag-aaral na nailathala sa *Philippine Journal of Science* si Agustin Umali. Si Umali ay nakapagtapos ng Bachelor of Science mula sa UP noong 1928. Nagtrabaho siya

⁴¹ *Historical Figures And Famous Personalities Of Ilocos Norte*, inakses ika-13 ng Nobyembre 2016, <http://tracingthewaytoilocanogreatness.blogspot.com/p/daguiti-natan-ok-nga-ilocano.html>.

⁴² Melchor F. Cichon. *Jose S. Domantay: An Internationally Acclaimed Natural Scientist*, inakses ika-13 ng Nobyembre 2016, <http://pinoyfishsci.blogspot.com/2006/07/jose-s.html>.

⁴³ Melchor F. Cichon. *Commissioner Andres M. Mane: A Pillar of Philippine Fisheries Industry*, inakses ika-13 ng Nobyembre 2016, <http://biographynotmine.blogspot.com/2012/12/commissioner-andres-m-mane-pillar-of.html>.

⁴⁴ Melchor F. Cichon. *Claro T. Martin: The Prolific Philippine Fisheries Researcher of His Time*, inakses ika-13 ng Nobyembre 2016, <http://biographynotmine.blogspot.com/2012/12/claro-t-martin-prolific-philippine.html>.

⁴⁵ Melchor F. Cichon. *Santos B. Rasalan: Early Leader In Philippine Fisheries*, inakses ika-13 ng Nobyembre 2016, <http://biographynotmine.blogspot.com/2012/12/santos-b-rasalan-early-leader-in.html>.

bilang guro sa Zambales Provincial High School noong 1928 hanggang 1929. Taong 1929 nang siya ay naging bahagi ng Division of Fisheries bilang Assistant Ichthyologist hanggang 1936. Matapos nito ay itinalaga naman siya bilang District Fisheries Officer sa Naga, Camarines Sur. Muli siyang bumalik sa Division of Fisheries hanggang sa pagsapit ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.⁴⁶

Si Hilario Atanacio Roxas mula sa Marikina ay nakapagtapos ng kanyang B.A noong 1920 at B.S. noong 1922 mula sa Unibersidad ng Pilipinas. Noong 1926 naman ay natapos niya ang kanyang Doktorado mula sa University of Chicago. Nagtrabaho siya bilang Assistant in Zoology noong 1920 hanggang 1922; Instructor noong 1922 hanggang 1923; at bilang Assistant Professor noong 1926.⁴⁷ Sa taong 1930, si Roxas ay naging kauna-unahang Pilipinong tagapangulo ng Department of Zoology ng UP.⁴⁸ Sa panahon ng Komonwelt siya ay nagsilbi bilang pinuno ng Fish and Game Administration sa ilalim ng Bureau of Science.⁴⁹



Larawan 6. Dr. Deogracias Villadolid.
Mula sa *100 Years of Philippine Fisheries*.

Itinuturing si Deogracias V. Villadolid bilang Ama ng Fisheries Education ng Pilipinas. Nagtapos si Villadolid ng tatlong kurso mula sa College of Agriculture ng UP: Bachelor of Agriculture noong 1919; Bachelor of Science in Agriculture noong 1923; at Master of Science in Agriculture noong 1923. Siya

⁴⁶ Melchor F. Cichon. *Agustin F. Umali: A Distinguished Filipino Ichthyologist*, inakses ika-13 ng Nobyembre 2016, <http://biographynotmine.blogspot.com/2012/12/agustin-f-umali-distinguished-filipino.html>.

⁴⁷ Hilario Atanacio Roxas, inakses ika-29 ng Nobyembre 2016, <http://www.gf.org/fellows/all-fellows/hilario-atanacio-roxas/>.

⁴⁸ UP Diliman Biology Alumni Website, inakses ika-29 ng Nobyembre 2016, <http://www.updilbioalumni.com/news/UPIBA@100.php>.

⁴⁹ Roxas, "The Status of Commercial Fishing in the Philippines," 35.

ay ipinadala sa Stanford University upang ipagpatuloy ang kanyang pag-aaral. Nakamit niya ang Doctor of Philosophy Major in Marine Biology noong 1927. Sa kanyang pagbabalik sa UP ay isinulong niya na maging bahagi ng kurikulum ang *fisheries education* sa UP. Lumipat siya sa Division of Fisheries at naging direktor nito hanggang sa pagsapit ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.⁵⁰

Karamihan sa mga Pilipinong kawani ay nagsanay sa ilalim ng mga Amerikanong nagtaguyod ng pangangasiwa sa pangangisda. Ipinagpatuloy ng mga Pilipinong kawani ang mga nasimulang gawain ng mga ito sa sangay lalo na sa tunguhin ng mga pag-aaral sa PJS. Bukod sa pagsiyasat sa yaman ng katubigan ng Pilipinas ay nagsagawa rin ng pag-aaral ang mga Pilipinong kawani tungkol sa mga pamamaraan at kagamitan sa pangangisda. Kanila ring sinuri ang mga pangisdaan at mga pamamaraan ng preserbasyon. Dala ang mga katutubong kaalaman sa pangangisda na pinagyaman pa ng pag-aaral at pagsasanay sa Pilipinas at Estados Unidos, tunay nga na nakapag-ambag sa pagsulong ng industriya ng pangangisda ang mga Pilipinong kawani ng Division of Fisheries.

F. FISHERIES EDUCATION

Matapos mapagkasunduan sa pagpupulong ng University Council noong ika-15 ng Oktubre 1935 ay sinimulang ihain bilang bagong kurso ng UP College of Liberal Arts ang Bachelor of Science in Fisheries noong Hunyo 1936. Dumaan sa pagsasanay ng *fish culture* ang mga mag-aaral sa Dagat-dagatan Fisheries Experiment Station at Tanay Limnological Station. Upang matuto ng panghuhuli ng isda, ang mga estudyante ay sumama sa mga pribadong barkong pangisda sa Look ng Maynila, Lawa ng Laguna at Look ng Batangas. Mayroon ding laboratoryo para sa preserbasyon ang unibersidad para sa pagsasanay ng mga mag-aaral.⁵¹ Kabilang sa unang nakapagtapos ng kursong ito noong 1940 si Augusto D. Manalo na naging kawani ng Bureau of Fisheries matapos ang digmaan.⁵² Matapos ang digmaan ay nakapagtapos ang iba pang estudyante ng

⁵⁰ Melchor F. Cichon. *Dr. Deogracias V. Villadolid: Father of Fisheries Education in the Philippines*, inakses ika-13 ng Nobyembre 2016, <http://biographynotmine.blogspot.com/2012/12/dr-deogracias-v-villadolid-father-of.html>.

⁵¹ Lucila Hosillos, "Fisheries Education in the Philippines" sa *Fisheries Gazette* Hulyo (1957): 40-42.

⁵² *Philippine Fisheries A Handbook Prepared by the Technical Staff of Bureau of Fisheries* (Manila: s.n., 1952), 125.

BS Fishery tulad nina Bienvenido Anicete na isang *magna cum laude*⁵³ at si Pedro A. Acosta na naging kawani ng Bureau of Fisheries matapos ang digmaan.⁵⁴

Naipasa noong 1941 ang Commonwealth Act 672 na nagtatakda na maglaan ng halagang ₱ 330, 000 para sa pagtatatag ng isang *school of fisheries* na pamamahalaan ng Division of Fisheries ng Department of Agriculture and Commerce. Nakatakda sanang magbukas ito noong ika-2 ng Hulyo 1942 ngunit sumiklab na nga ang digmaan.⁵⁵

G. MGA MANGINGISDANG HAPON BILANG HAMON SA PAMAHALAANG KOMONWELT

Tinitingnan ng mga mangingisdang Pilipino ang mga mangingisdang Hapon bilang kakumpetensya sa hanap-buhay. Umigting pa ang ganitong pagtingin sapagkat higit ang dami ng kanilang nahuhuling isda bunga ng mas makabago nilang mga kagamitan at pamamaraan sa pangangisda. Sa katunayan, dumating pa sa punto na umabot sa 80 porsyento ng bentahan ng isda lalo na sa Maynila ang kontrolado ng mga Hapon noong 1930. Sa pagkakataong ito, marami sa mga Pilipino ang nag-isip na dapat nang pigilan ang umiiral na mala-monopolyo ng mga Hapon sa pangangisda.

Sangkot ang mga mangingisdang Hapon sa isyu ng paggamit ng mga *dummy* upang magmay-ari ng mga sasakyang pangisda at mga korporasyong nangangisda sa Pilipinas. Sinasabing ito ang naging paraan ng mga Hapon upang maipagpatuloy ang kanilang pagkontrol sa industriya ng pangangisda sa Pilipinas kahit na ipinagbabawal na ito ng batas. Mula sa pagsusuri ni Alfredo de Leon na isang kolektor ng Bureau of Customs, nabuo niya ang listahan ng mga nakarehistrong bangka de motor na ginagamit sa pangangisda at nabunyag na pagmamay-ari pala ng mga Hapon sa pamamagitan ng kanilang mga *dummy*.⁵⁶ Tumatanggap ang mga Pilipinong kakutsaba ng mga Hapon ng ₱20.00 kada buwan sa bawat bangka na nakapangalan sa kanila.⁵⁷ Hindi kalaunan ang ilan sa mga ito na napatunayang pagmamay-ari ng mga Hapon ay tinanggalan ng lisensya ng Insular Collector.⁵⁸

⁵³ *Philippinensian* 1948.

⁵⁴ *Philippine Fisheries Handbook* 1952, 91.

⁵⁵ *Philippine Fisheries Handbook* 1952, 42.

⁵⁶ "Philippine Fishing Waters- For Japanese Fishermen" sa *Philippines Free Press* 30 Agosto 1941, 27.

⁵⁷ Milagros Guerrero, "A Survey of Japanese Trade and Investments in the Philippines with special reference to Philippine-American Reaction" (Tesis Masterado, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1965), 114.

⁵⁸ *Philippines Free Press* 1 Hunyo 1935, 26.

Isang tampok na kaso ng *dummy* ang naging popular noong panahon ng Komonwelt. Ito ay ang kaso na isinampa noong 1939 laban kina Luisa Avecilla de Celis at Choyu Kamimura na pangulo ng San Miguel Japanese Fishermen's Association. Nilabag nila ang bahagi ng Fisheries Act na nagbabawal ng pagmamay-ari at pangangisda ng isang dayuhan. Ayon sa akusasyon ginamit umano ni Kamimura ang pangalan ni de Celis nang walang pahintulot upang maiparehistro ang mga bangkang de motor ng una na ginagamit sa pangangisda. Bandang huli ang kaso ay ipinawalang-bisa ng Hukom ng Manila Court of First Instance na si Jose O. Vera dahil sa pagsang-ayon sa ipinasang *demurrer* ng abogado ng mga akusado na si Glicerio Opinion.⁵⁹

Mula sa itinanghal na kaso laban kay Avecillas at Kamimura, malinaw ang kawalan ng kakayahan at ngipin ng pamahalaan upang patawan ng parusa ang mga nahuling lumabag sa batas. Pinatitingkad nito ang akusasyon ng karamihan na kaya hindi mapapatawan ng parusa ang mga mangangisdang Hapon at mga *dummy* nito ay dahil sa kanilang malakas na kapit sa pamahalaan lalo pa sa mga pulitiko. Isang patunay nito ay makikita mismo sa larawan ng patalastas ng Eastern Deep Sea Corporation na naunang naipakita. Nakasaad sa patalastas na ang pangulo ng korporasyon ay isang hukom na si Rafael Corpus. Sinasabing 20-30% ng mga kasapi ng Pambansang Asembleya pati na rin ang mga abogado ay gumaganap bilang tagapayo ng mga korporasyon ng mga Hapon. Tumutulong sila upang mabigyan ang mga ito ng lisensya at tinatanggap ang mga imbitasyon na maging katuwang sila sa pangangisda.⁶⁰

Maliban sa paglabag at paglusot sa mga batas, ramdam din ang banta ng mga mangangisdang Hapon sa industriya ng pangangisda noong panahon ng Komonwelt sa iba pa nilang ilegal na gawain. Halimbawa nito ang kaso ng paggamit ng dinamita ng mga Hapong mangangisda na galing ng Borneo at sa Sulu noong 1939.⁶¹ Malaking bilang naman ng mangangisdang Hapon ang halos sumakop na sa isla ng Fuga sa Babuyan Group of Islands. Ito ay ayon sa ulat ng dating kasapi ng Asembliya na si Vicente Barsana na lumuwas pa ng Maynila upang humingi ng tulong.⁶² Ang ilan pa sa mga barkong pangisda na mga Hapon na nahuling ilegal na nagingisda sa katubigan ng Pilipinas ay may dalang mapa ng Pilipinas na ginawa ng Coast and Geodetic Survey at isinalin sa wikang Hapon tulad na lang ng nangyari sa *Sun Tiok Won No. 5* na hinuli sa Antique noong ika-12 ng Enero 1940. Nakuha mula sa kanila ang mga isdang ilegal na

⁵⁹ *Philippines Free Press* 16 Setyembre 1939, 37.

⁶⁰ Guerrero, "A Survey of Japanese Trade and Investments," 114.

⁶¹ "Philippine Fishing Waters- For Japanese Fishermen," 27.

⁶² *Philippines Free Press* 26 Abril 1919, 9.

nahuli tulad ng pating na sana'y dadalhin sa Formosa. Napatunayan silang may sala at pinagmulta ng ₱100 para sa kapitan, ₱50 para sa bawat isang tauhan at ₱1000 para sa kanilang sasakyan. Bandang huli ay hindi rin naman nakabayad at kung susumahin higit pa ang gastos sa paghuli sa kanilang mga ilegal na gawain kaysa sa kanilang pagbabayad ng multa.⁶³ Ang mga mangingisdang Hapon naman na nahuling ilegal na nangingisda sa isla ng Polilio ay may dalang mapa na *Eastern Approaches to Philippine Islands*.⁶⁴

Samantala ang iba naman na nahuli ay nagdadahilan na nagkaroon ng problema sa motor ng kanilang sinasakyan o kaya naman ay inabutan ng bagyo kaya't napadpad sa mga isla ng Pilipinas katulad na lang ng nangyari sa Cebu noong Agosto 1941. Isang barkong pangisda na galing ng Takao sa Formosa ay napadpad sa Samar at papunta na sa Borneo nang sila ay mahuli. Matatandaan mula sa pagtalakay sa mga naunang pahina na ang katubigan sa Samar ay mainam sa pangangisda. Ang mga ganitong kaso ay mahirap paniwalaan sapagkat ang mga Hapon ay eksperto sa ganitong larangan at hindi na mabilang ang kaso ng ilegal na pangangisda nila sa Pilipinas.⁶⁵ Ang ilan pa sa mga mangingisdang Hapon ay nagpapanggap na walang masamang balak sa pamamagitan ng pamimigay ng mga isdang kanilang nahuli sa isang lugar ngunit maghahasik naman ng gulo sa ibang isla, katulad na lamang ng ginawa ng mga Hapong mangingisda sa Mamburao kung saan namigay sila ng isda ngunit paglipat sa isla ng Coron ay nambugbog naman ng pulis na nagtangkang humuli sa kanila dahil sa ilegal na pangangisda.⁶⁶

Mapapansin na nagpatuloy pa rin ang pangangisda ng mga Hapon sa katubigan ng Pilipinas samantalang nilalayon ng mga nasabing batas na mabawasan ang pagtamasa nila ng karapatan na makilahok sa industriya ng pangangisda. Sa pagkakataong ito gumamit sila ng ilegal na paraan upang magpatuloy ang kanilang pagmamay-ari ng mga negosyong may kaugnayan sa pangangisda.

Bakit nga ba sa halip na makontrol ang mga mangingisdang Hapon ay mistulang nagpatuloy pa rin ang kanilang mga ilegal na gawain? Isa sa sinasabing dahilan ay ang malaking populasyon nila sa Pilipinas lalung-lalo na sa Maynila at sa Palawan. Bunga nito hindi sapat ang kakayahan ng pamahalaan

⁶³ "Philippine Fishing Waters- For Japanese Fishermen," 27.

⁶⁴ *Philippines Free Press*, 31 Agosto 1940, 60-61.

⁶⁵ "Philippine Fishing Waters- For Japanese Fishermen," 27

⁶⁶ Samuel Stagg, "Design for Mindanao" *Philippines Free Press* 19 Agosto 1939, 2-3.

upang mabantayan at mahuli sila sa kanilang mga ilegal na gawain. Maaari pang idagdag dito ang mababang pagtingin ng mga Hapon sa pamahalaang Komonwelt kaya't imbes na matakot ay naging mas mapangahas pa ang kanilang mga gawain dito sa Pilipinas.⁶⁷

Sa pananaw ni Stagg sa kanyang artikulong inilathala sa *Philippines Free Press*, ang mga nabanggit na gawain ng mga mangingisdang Hapon sa Pilipinas ay bahagi ng malawakang plano ng bansang Hapon sa pagpapalaganap ng kanilang imperalismo. Ang mga mangingisdang Hapon ay nagsilbing mata at tenga ng kanilang bansa upang makasagap ng impormasyon na kanilang magagamit sa kanilang planong pagsakop.⁶⁸

Ano man ang kanilang dahilan sa pagdayo sa Pilipinas, malinaw na malaking banta sa mga mangingisdang Pilipino ang mga mangingisdang Hapon.

H. MGA BATAS NA NAIPATUPAD SA PANGANGASIWA NG PANGINGISDA

Sa pamamagitan ng Fisheries Act of 1932 ay tinangkang bawasan ang kapangyarihan ng mga Hapon sa pangangisda sa pamamagitan ng patakaran na ang pagmamay-ari dapat ng mga operasyon ng pangangisda ay hawak ng mga Pilipino at Amerikano ang 60 bahagdan samantalang ang natitirang 40 bahagdan ay maaaring hawakan ng mga dayuhan katulad ng mga Hapon. Ngunit may kundisyon pa rin ang pagbibigay na ito ng maliit na karapatan. Ang papayagan lamang na lumahok uli na Hapon sa industriya ay yaong dati nang nakarehistro at walang nilabag na batas sa pangangisda. Kaugnay nito ay hindi na papayagan pa na magparehistro ang mga bagong mangingisda na dayuhan. Sa madaling salita, ang nasabing batas ay magsisilbing daan upang mahinto ang mahabang panahon na pagkontrol ng mga Hapon sa industriya ng pangangisda sa Pilipinas.

Hindi naging madali para sa mga Hapong mangingisda sa Pilipinas ang pagbabago sa patakaran. Maaalala na sa pagbuo pa lamang ng nasabing batas ay nagpahayag na ng pagtutol ang pamahalaang Hapon upang mapigilan ang pagpapatupad nito. Hindi man nagtagumpay na mapigilan ang pagpasa ng batas na ito ay nakahanap naman ang mga mangingisdang Hapon sa Pilipinas ng paraan upang ipagpatuloy ang pangangisda sa ilegal na pamamaraan tulad ng paggamit ng mga *dummy* upang mapalabas na ang pagmamay-ari ng kanilang

⁶⁷ Stagg, "Design for Mindanao," 2-3.

⁶⁸ Stagg, "Design for Mindanao," 2-3.

mga bangkang de motor at iba pang mga kagamitan sa pangangisda ay pagmamay-ari ng mga Pilipino.

Bilang tugon sa naging hakbang ng mga mangangisdang Hapon sa Pilipinas na gumamit ng mga *dummy*, ipinasa noong ika- 30 ng Oktubre 1936 ang Commonwealth Act No. 108 o An Act to Punish Acts of Evasion of the Laws on the Nationalization of Certain Rights, Franchises or Privileges na mas kilala sa tawag na Anti-dummy Law. Isinasaad sa Seksyon 1 nito ang pagpataw ng parusa sa sinumang dayuhan na napatunayang nilabag ang batas na ito:

Section 1. *Penalty* – In all cases in which any constitutional or legal provisions requires Philippine or any other specific citizenship as a requisite for the exercise or enjoyment of a right, franchise or privilege, any citizen of the Philippines or of any other specific country who allows his name or citizenship to be used for the purpose of evading such provision, and any alien or foreigner profiting thereby, shall be punished by imprisonment for not less than five nor more than fifteen years, and by a fine of not less than the value of the right franchise or privilege, which is enjoyed or acquired in violation of the provisions hereof but in no case less than five thousand pesos.⁶⁹

Bukod sa dayuhan, ang sinumang Pilipinong napatunayan na nakipagsabwatan o pinagamit ang kanilang pangalan sa mga dayuhan upang magmay-ari ng mga negosyo sa Pilipinas ay papatawan din ng parusa:

Section 2-C. The exercise, possession or control by a Filipino citizen having a common-law relationship with an alien of a right, privilege, property or business, the exercise or enjoyment of which is expressly reserved by the Constitution or the laws to citizens of the Philippines, shall constitute a prima

⁶⁹ Commonwealth Act No. 108 An Act to Punish Acts Of Evasion Of The Laws On The Nationalization Of Certain Rights, Franchises Or Privileges, inakses noong ika- 18 ng Disyembre 2015, http://www.lawphil.net/statutes/comacts/ca_108_1936.html.

facie evidence of violation of the provisions of Section 2-A hereof.⁷⁰

Samantala noong ika-16 ng Hunyo 1939, inaprubahan ang Commonwealth Act 471 o An Act To Amend And Compile The Law Relating To Fish And Other Aquatic Resources of The Philippine Islands, And For Other Purposes na naglalayong amyendahan ang ilang seksyon ng Fisheries Act. Bagamat walang pagbabago sa pagpapataw ng parusa, pinalawig naman ang probisyong nakapaloob sa iba't ibang seksyon. Halimbawa nito ang paglilinaw na ang anumang binuong patakaran at pagbabago sa paniningil ng lisensya ng mga munisipyo ay kinakailangan pa rin dumaan sa pagsusuri ng Secretary ng Department of Agriculture and Commerce kung ito ay aaprubahan. Masasalamatin ito sa Seksyon 4 ng nasabing batas:

Section 4. *Instructions, orders, rules and regulations.* —

The Secretary of Agriculture and Commerce shall from time to time issue instructions, orders, rules and regulations consistent with this Act, as may be necessary and proper to carry into effect the provisions thereof and for the conduct of proceeding arising under such provisions; and all licenses, permits, leases, and contracts issued, granted or made herein shall be subject to the same.

All ordinances, rules or regulations pertaining to fishing or fisheries promulgated or enacted by provincial boards, municipal boards or councils, or municipal district councils shall be submitted to the Secretary of Agriculture and Commerce for approval.⁷¹

Ang mga nabanggit na batas ay ambag ng Pamahalaang Komonwelt sa pagsasaayos ng pangingisda sa Pilipinas. Bagamat may mga kakulangan ang mga nasabing batas lalo na sa kung paano mawakasan ang pangingisda ng mga Hapon at iba pang dayuhan sa Pilipinas, maituturing pa rin itong tagumpay ng

⁷⁰ *Commonwealth Act No. 108.*

⁷¹ *Commonwealth Act No. 471 An Act To Amend Act Numbered Four Thousand and Three Entitled "An Act To Amend and Compile the Laws Relating to Fish and Other Aquatic Resources of the Philippine Islands and For Other Purposes,* inakses noong ika-25 ng Abril 2013, http://laws.chanrobles.com/commonwealthacts/2_commonwealthacts.php?id=88.

pamahalaang Komonwelt na maglatag ng konkretong hakbang upang proteksyunan ang pangangisda sa Pilipinas.

PAGLALAGOM

Ang naging tugon ni Quezon sa layunin na maging *self sufficient* sa ekonomiya ang naging dahilan upang tangkain ang industriyalisasyon ng pangangisda sa Pilipinas. Sa pamamagitan ng layunin na ito ni Quezon, naisagawa ang mga unang hakbang sa industriyalisasyon na ilang taon nang panawagan noon pa mang mga Amerikano pa ang namamahala sa sangay na may kalamayan sa pangangisda. Kaugnay nito, naitatag noong 1937 ang National Food Products Corporation na binigyan ng mandato na magtayo ng planta para sa pagsasalata hindi lamang ng mga isda kundi pati na gulay, prutas at iba. Sa parehong taon din itinayo ang planta ng pagsasalata ng isda sa Guagua at pagawaan naman ng lata sa Pureza. Matapos ang dalawang taon ay nagsimula na ang operasyon ng pagggawa ng lata sa Pureza at di kalaunan ang pagsasalata na ng isda sa Guagua. Bagamat humarap sa mga suliranin ng kakulangan sa suplay ng isda at pagkalugi, hindi natinag ang pamahalaang Komonwelt at bagkus ay nagpatuloy na humanap ng solusyon. Upang tugunan ang mga nasabing suliranin ay sinimulang ipatayo noong 1940 ang 5,000 ektarya ng palasidaan at planta ng pagsasalata sa Capiz. Hindi rin matatawaran ang halaga ng isinagawang senso sa pangangisda noong 1939 upang magkaroon ng mga konkretong datos tungkol sa kalagayan ng pangangisda sa panahon ng Komonwelt.

Bukod sa mga hakbang tungo sa industriyalisasyon ng pangangisda, ipinagpatuloy pa rin ang mga siyentipikong pag-aaral na nailathala sa Philippine Journal of Science sa pangunguna ng mga Pilipinong kawani ng Division of Fisheries. Isinulong rin ang siyentipikong pag-aaral sa pangangisda sa Pilipinas sa pamamagitan ng pagsisimula ng kursong Bachelor of Science in Fisheries noong 1936 sa College of Liberal Arts sa UP Diliman. Sa bisa ng Commonwealth Act 672, itinakda namang itatag ang *school of fisheries* na pamamahalaan ng Division of Fisheries sa pagsapit sana ng taong 1942. Samantala, ang suliraning ukol sa mga mangangisdang Hapon ay sinubukan namang tugunan ng pagpasa ng *anti dummy law* o Commonwealth Act 108 noong 1936. Ang Commonwealth Act 471 ay naipasa naman noong 1939 na naglalayong amyendahan ang Fisheries Act na naipasa noong 1932. Ang lahat ng pagtatangka na ito ng pamahalaang Komonwelt na maisakatuparan ang industriyalisasyon ng pangangisda sa Pilipinas ay mistulang mawawalan ng saysay sa pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig.

REKOMENDASYON

Natunghayan natin sa pananaliksik na ito ang masigasig na hakbang ng Pamahalaang Komonwelt upang paunlarin ang industriya ng pangangisda sa pamamagitan ng paglunsad ng pagsasalata at iba pang mga simulain. Ang pagsusumikap na ito ay nawalan ng saysay sa pagsiklab ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Upang makabuo ng isang komprehensibong pagtalakay ng kasaysayan ng pangangisda sa Pilipinas, iminumungkahi ng may-akda sa iba pang mananaliksik na alamin ang kinahinatnan ng lahat ng pagsusumikap ng Pamahalaang Komonwelt sa pagpapaunlad ng industriya ng pangangisda sa pagsisimula ng pananakop ng mga Hapon. Gayundin, mainam din na matukoy kung ano ang mga naging hakbang ng Japanese Military Administration sa pamamahala ng industriya ng pangangisda.

SANGGUNIAN:

Primaryang Batis

- Ablan, Guillermo. "Diwal Fishery of Occidental Negros" *Philippine Journal of Science* 66 (1938): 379-385.
- Annual Reports of the President of the Philippines to the President and the Congress of the United States* 1935-1941. Washington D.C.: Government Printing Office, 1938-1941.
- Barranco, Vicente. "Philippine Canning Industry" *Chamber of Commerce of the Philippine Islands* August (1940): 23-26.
- Blanco, Guillermo. "Fisheries of Northern Luzon and Babuyan and Batanes Islands" *Philippine Journal of Science* 66 (1938): 501-530.
- Commonwealth of the Philippines. *Census of the Philippines 1939 vol. 4 Reports for Economic Census*. Washington D.C.: Commission of the Census, 1943.
- Domantay, Jose. "Tuna Fishing in Southern Mindanao" *Philippine Journal of Science* 73 (1940): 423-436.
- Millegan, Lloyd S. "Census of the Philippines: 1939" *The Far Eastern Quarterly* 2, no. 1 (1942): 77-79. Inakses noong ika-23 ng Nobyembre 2019. *JSTOR*, www.jstor.org/stable/2049281.
- "Philippine Fishing Waters- For Japanese Fishermen" *Philippine Free Press*, 30 August 1931.
- Roxas, Hilario. "Status of Commercial Fishing in the Philippines" *American Chamber of Commerce Journal in the Philippines* (Agosto 1937): 35-37.
- Roxas, Hilario at Santos B. Rasalan. "The Mullet Fishery of Naujan Mindoro" *Philippine Journal of Science* 59 (1936): 259-274.
- Sabalvoro, Vicente. "Developing and Preserving our Products" *Philippine Journal of Commerce* November (1940): 16-18.
- Stagg, Samuel "Design For Mindanao" *Philippines Free Press* 19 August 1939.
- Umali, Agustin F. "The Fisheries Industry of Ragay Gulf" *Philippine Journal of Science* 65 (1938): 175-200.
- U.S. High Commissioner to the Philippine Islands. *Annual Reports*, 1936-1941. Washington D.C.: Government Printing Office, 1936-1941.
- Villadolid, Deogracias. "Developing Our Fishing Industry" *Chamber of Commerce of the Philippine Islands* December (1940): 16-18.

Villaluz, Domiciano. "Viability of the Commercial Oyster" *Philippine Journal of Science* 70 (1939): 375-385.

Sekondaryang Batis

Corpuz, Onofre D. *Economic History of the Philippines*. Quezon City: UP Press, 1997.

De Viana, Augusto C. *Halo-halo, Hardware and Others: The Story of Japanese Commercial Community of Manila, 1900-1945*. Manila: University of Sto. Tomas Publishing House, 2008.

Gopinath, Aruna. "President Manuel Quezon and Economic Protectionism, 1935-1941" *Philippine Studies* No. 2 34(1986): 129-145.

_____. "The Philippines 1935-1941: A Historical Study in Quezonian Leadership." Disertasyon, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, 1984.

Guerrero, Rafael D. III. Patnugot, *100 Years of Philippine Fisheries and Marine Science*. Los

Baños, Laguna: Philippine Council for Aquatic and Marine Research and Development, 1998.

Heggem, Ole J. *Observations Regarding Fisheries*. United States of American Operations Mission to the Philippines, 1959.

Hosillos, Lucila. "Fisheries Education in the Philippines" *Fisheries Gazette* July (1957): 40-42.

Philippine Fisheries A Handbook Prepared by the Technical Staff of Bureau of Fisheries Manila: s.n., 1952.

Internet

Cichon, Melchor F. *Agustin F. Umali: A Distinguished Filipino Ichthyologist*. Inaksesika-13 ng Nobyembre 2016.

<http://biographynotmine.blogspot.com/2012/12/agustin-f-umali-distinguished-filipino.html>.

_____. "Claro T. Martin: The Prolific Philippine Fisheries Researcher of His Time." Inaksesika-13 ng Nobyembre 2016.

<http://biographynotmine.blogspot.com/2012/12/claro-t-martin-prolific-philippine.html>.

_____. "Commissioner Andres M. Mane: A Pillar of Philippine Fisheries Industry." Inaksesika-13 ng Nobyembre 2016.

<http://biographynotmine.blogspot.com/2012/12/commissioner-andres-m-mane-pillar-of.html>.

- _____. "Dr. Deogracias V. Villadolid: Father of Fisheries Education in the Philippines. Inakses ika-13 ng Nobyembre 2016.
<http://biographynotmine.blogspot.com/2012/12/dr-deogracia-v-villadolid-father-of.html>.
- _____. "Dr. Albert Herre: A Pioneer in Philippine Fisheries Science. Inakses ika-23 ng Oktubre 2016.
<http://biographynotmine.blogspot.com/2012/12/dr-albert-herre-pioneer-in-philippine.html>.
- _____. "Jose S. Domantay: An Internationally Acclaimed Natural Scientist. Inakses ika-13 ng Nobyembre 2016.
<http://pinoyfishsci.blogspot.com/2006/07/jose-s.html>.
- _____. "Santos B. Rasalan: Early Leader in Philippine Fisheries. Inakses ika-13 ng Nobyembre 2016.
<http://biographynotmine.blogspot.com/2012/12/santos-b-rasalan-early-leader-in.html>.
- Commonwealth Act No. 108 An Act to Punish Acts of Evasion of The Laws on The Nationalization of Certain Rights, Franchises or Privileges.* Inakses ika-18 ng Disyembre 2015.
http://www.lawphil.net/statutes/comacts/ca_108_1936.html.
- Commonwealth Act No. 471 An Act to Amend Act Numbered Four Thousand and Three Entitled "An Act To Amend and Compile the Laws Relating to Fish and Other Aquatic Resources of the Philippine Islands and For Other Purposes.* Inakses ika-25 ng Abril 2013.
http://laws.chanrobles.com/commonwealthacts/2_commonwealthacts.php?id=88.
- Hilario Atanacio Roxas.* Inakses ika-29 ng Oktubre 2016.
<http://www.gf.org/fellows/all-fellows/hilario-atanacio-roxas/>.
- Historical Figures and Famous Personalities of Ilocos Norte.* Inakses ika-13 ng Nobyembre 2016.
<http://tracingthewaytoillocanogreatness.blogspot.com/p/daguiti-natan-oknga-ilocano.html>.
- UP Diliman Biology Alumni Website. Inakses ika-29 ng Nobyembre 2016.
<http://www.updilbioalumni.com/news/UPIBA@100.php>.